



Ang onlinena pagsasanay sa vendor ng fireworks ay bukas para sa Diwali at Bisperas ng Bagong Taon

BRAMPTON, ON (Oktubre 6, 2020) –Binuksan ng Lungsod ng Brampton ang proseso sa online na pagsasanay nito para sa mga vendor na nagpaplanong magbenta ng fireworks sa taon na ito para sa Diwali at Bisperas ng Bagong Taon.

Mandatoryo ang pagsasanay at komplusoryo ang pagtapos ng kursong ito bago magkaroon ng lisensya ang mga vendor na magbenta.

Para mag-register sa kurso, ang mga vendor ay pwedeng tumawag sa Brampton Fire Prevention division sa 905.874.2740 o mag-email sa fire.prevention@brampton.ca at i-email ang mga detalye ng kurso sa aplikante.

Dahil sa pangkalusugan at pangkaligtasang paglilimita na nakahanda para sa COVID-19, ang pagsasanay ay ihahatid sa isang online format sa limang madaling hakbang

1. Panoorin ang Fireworks Retailer Training Video
2. Kumpletuhin ang Palatanungan sa Fireworks Retailer
3. Isumite ang aplikasyon sa lisensya at ang bayad sa pag-register. Makipag-ugnayan sa licensing@brampton.ca para sa mga detalye.
4. Kunin ang Lisensya sa 2020 Fireworks Retailer nang personal mula sa City Hall. Mandatoryo ang appointment bago bumisita sa City Hall.

Ang pagsasanay sa vendor ng fireworks ay sumasaklaw sa mga uri ng fireworks na pinapayagan para sa pagbebenta, mga tuntunin sa pagtatabi, pag-display at pagbebenta, mga rekisito sa ID ng customer at pangkaligtasang mga patnubay na ipamimigay sa mga mamimili.

Para sa mga vendor na may maramihang mga lokasyon, kailangan ang kahit isang operator mula sa bawat lokasyon para tapusin ang kurso. Kailangang tatandaan din ng mga vendor na ang deadline sa pag-aplay para sa inspeksyon ng bumbero ay tanghali, Oktubre 23, 2020.

Ang Ordinansa sa Fireworks ng Lungsod ng Brampton ay nagpapahintulot sa pagbebenta at personal na paggamit ng malapitang range lamang na fireworks (mga fireworks na posibleng lilipad ng kulang-kulang 3 metro o 10 piye kapag sinindihan) apat na beses sa isang taon - Victoria Day, Canada Day, Diwali at Bisperas ng Bagong Taon.



Service and Information Update

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca